Republic of the Philippines
**PROVINCE OF ISABELA**
-o0o-
**OFFICE OF THE PROVINCIAL TREASURER**

## PAUNAWA NG PAGKADELINGKWENSYA SA PAGBABAYAD NG REAL PROPERTY TAX O AMILYAR SA LALAWIGAN NG ISABELA

Ang **ABISO** ay inihahatid alinsunod sa probisyon ng Section 254 ng Local Government Code of 1991 (R.A. 7160) na ang dapat bayaran na Real Property Tax para sa taong 2024 at mga nakaraang taon ay naging delingkwente.

**MGA INTERES PARA SA DELINGKWENSYA**: Sa pagkabigong magbayad ng buwis sa mga ari arian sa panahon ng pagbabayad na walang interes na quarterly installment nito, isasailalim ang nagbabayad ng buwis sa pagbayad ng interes na dalawang porsyento ( 2%) sa halaga ng delinkwenteng buwis sa bawat buwan ng delinkwensya o bahagi nito hanggang sa ganap na mabayaran ang delinkwenteng buwis, ngunit sa ano mang kaso ay hindi lalampas ang kabuoang interes sa 36 na buwan o 72%.

Sa ilalim ng Section 174 na nakasaad sa nabanggit na Code, ang nakapirma sa ibaba ay may kapangyarihang gumamit ng alinman sa mga sumusunod na aksyon upang maipatupad ang pangongolekta sa pamamagitan ng :

1. Administratibong aksyon sa pamamagitan ng pagkumpiska ng personal na ari-arian (Section 175), pataw o levy sa real property (Section 176 and 258) at pagbenta nito sa pamamagitan ng pampublikong auction (Sections 178 & 260)
2. Judisyal na aksyon sa alin mang korte ng karampatang huridikasyon (Sections 183 and 260)

Ang **PORMAL NA KAHILINGAN PARA SA PAGBABAYAD** ng mga delinkwenteng buwis at mga multang dapat bayaran **AY HINDI NA KAILANGAN** bago gawin ang naturang mga aksyon. **ITONG ABISO NG PAGKADELINKWENSYA AY SAPAT NA PARA SA LAYUNING ITO**.

Gayunpaman, kung sa anumang oras bago ang alinman sa mga nakasaad sa itaas na mga remedyo ay nasimulan, ang pagbabayad ng delingkwenteng buwis at ang kaukulang interes ay ginawa, ang nagbayad ng buwis ay wala ng pananagutan sa naturang aksyon.

Ang mga delinkwenteng magbabayad ng buwis ay hinihikayat na bayaran ang kanilang mga delinkwenteng buwis at maging ang mga multa sa lalong madaling panahon upang maiwasan ang aplikasyon ng mga nakasaad na aksyon laban sa kanila.

Ibinibigay ang abisong ito para sa layunin ng pagbebenta sa pampublikong auction ng mga delinkwenteng ari-arian at/o paghahain ng aksyong sibil upang ipatupad ang pangongolekta ng mga delinkwenteng buwis sa iba't ibang bayan ng Lalawigan ng Isabela.

City of Ilagan, Isabela. December 12, 2024.

**MARIA THERESA ARANETA-FLORES**
**Provincial Treasurer**

*Copy furnished:*

The Honorable Secretary of Finance, Manila
The Executive Director, BLGF, Manila
The Regional Director, BLGF, Region 02, Tuguegarao City
The Honorable Governor, Capitol, City of Ilagan, Isabela
The Honorable Sangguniang Panlalawigan, Capitol, City of Ilagan, Isabela
All City and Municipal Treasurers of Isabela
All Provincial/City and Municipal Treasurers of the Philippines
File